# Manatiling ligtas sa panahon ng tag-sunog sa kalikasan

Ang panahon ng tag-sunog sa kalikasan ng California ay karaniwang nagaganap mula Hunyo hanggang Oktubre. Narito ang ilang payo upang matulungan kang manatiling ligtas.



## Ano ang mga sunog sa kalikasan?

Ang mga sunog sa kalikasan ay ang mga sunog na nagaganap sa natural na lugar na mahirap makontrol. Maaaring napakabilis na kumalat ang mga ito.

### Maging pamilyar sa mga alerto

- **Babala ng Pag-alis**
  May posibleng panganib sa buhay at ari-arian. Umalis na ngayon kung nangangailangan ka ng karagdagang panahon para maisagawa ito o kung mayroon kang mga kasamang alagang-hayop.
- **Kautusan na Umalis**
  Ito ay isang kautusang alinsunod sa batas na kailangang umalis kaagad dahil mayroong agarang panganib sa buhay at ari-arian.

**Maghanda nang maaga**
Siguraduhing nakahanda kang umalis kahit kailan kung sakaling magkaroon ng sunog sa kalikasan. Maghanda ng isang "pang-emergency na bag" na naglalaman ng mga mahahalagang bagay na tulad ng:

- Mga sertipiko ng kapanganakan, ID, pasaporte
- Pera o card na pambayad
- Charger ng cell phone
- Fire extinguisher
- Mga kagamitang pangunang-lunas
- Mga inireresetang gamot
- Medikal na impormasyon (para sa mga tao't alagang hayop)
- Mga N-95 na panakip sa ilong at bibig
- Mga sleeping bag
- Tubig at mga pagkaing hindi napapanis

Upang malaman ang higit pa, pumunta sa **ready.gov/wildfires**.

# Manatiling kalmado at manatiling ligtas

Ang mga sunog sa kalikasan ay maaaring nakakatakot Kapag alam na ninyo ngayon kung ano ang dapat gawin, ikaw at ang iyong mga mahal sa buhay ay magiging handa nang mabilis na kumilos.

**Kapag may sunog sa kalikasan**

- Humanap ng isang ligtas na lugar o masisilungan
- Sundin ang mga kautusan na sumilong sa iyong kinalalagyan
- Padalhan ng text ang pamilya at mga kaibigan at ipaalam sa kanila ang pinaka-kasalukuyang mga nangyayari
- Alamin kung saan nagaganap ang mga sunog sa kalikasan
- Subaybayan ang kalidad ng hangin sa iyong lugar
- Sikaping huwag papapasukin sa loob ang mga hangin sa labas
- Panatilihing malinis ang loob ng istrakturang iyong kinalalagyan
- Huwag gumamit ng vacuum—maaari itong magkalat ng abo
- Kung maaari, gumamit ng air purifier
- Huwag kumain sa iyong hardin kung mausok sa labas

**Pagkatapos ng sunog sa kalikasan**

- Maghintay ng pahayag mula sa mga awtoridad na ligtas nang makabalik bago umuwi sa bahay
- Siguraduhin munang ligtas ang iyong tubig bago ito inumin
- Mag-ingat kapag mayroong mga maiinit na abo, baga, at kalat sa paligid
- Ang mga abo ay maaaring nakakalason—panatilihing malayo ang mga ito sa mga bata at alagang hayop
- Palitan ang mga gamot o kagamitan kung kinakailangan
- Litratuhan ang anumang mga nasira
- Alamin ang tungkol sa mga pag-iingat kapag naglilinis pagkatapos na magkasunog
- Palitan ang nawalang mga talaan, tulad ng mga sertipiko ng kapanganakan
- Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa anumang mga alalahanin sa kalusugan.
- Humanap ng suporta sa kalusugan ng isip kung kinakailangan mo ito



Ang Blue Shield of California Promise Health Plan ay nakakontrata sa L.A. Care Health Plan upang makapagbigay ng mga serbisyo ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal sa Los Angeles County. Maaari mong makuha ang dokumentong ito nang libre sa iba pang mga format, gaya ng malaking titik, braille, o audio. Tumawag sa (800) 605-2556 (TTY: 711), 8 a.m. hanggang 6 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Libre ang tawag. Blue Shield of California Promise Health Plan is an independent licensee of the Blue Shield Association
Abiso ng Walang Diskriminasyon
Sumusunod ang kumpanya sa mga naaangkop na batas ng estado at pederal na batas sa karapatang sibil at hindi ito nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao o pinapakitunguhan sila nang naiiba batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, etnikong grupong kinabibilangan, medikal na kundisyon, henetikong impormasyon, ninuno, relihiyon, kasarian, katayuan sa pag-aasawa, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, kapansanan sa pag-iisip, o pisikal na kapansanan. La compañía cumple con las leyes de derechos civiles federales y estatales aplicables, y no discrimina, ni excluye ni trata de manera diferente a las personas por su raza, color, país de origen, identificación con determinado grupo étnico, condición médica, información genética, ascendencia, religión, sexo, estado civil, género, identidad de género, orientación sexual, edad, ni discapacidad física ni mental. 本公司遵守適 用的州法律和聯邦民 權法律，並且不會以種族、膚色、原國 籍、族群認同、醫療狀況、遺傳 資訊、血統、宗教、性別、婚姻狀況、性別認同、性取向、年齡、精神 殘疾或身體殘疾而進行歧視、排斥或區別對待他人。